# ANG PAGBABAUTISMO SA TUBIG

Kung pahahalagahan natin ang 106 na pinagbatayan sa Bagong Tipan tungkol sa pagbabautismo sa tubig, masusunod natin ng walang alinlangan ang mahalagang turo na naaayon sa kaligtasan. Inutos ng Panginoong HESUS sa kanyang mga apostol na humayo, magturo at magbautismo.
Naunawaan ng mga apostol at sinunod ang kanyang utos.
Ang pagbabautismo sa tubig ay nabanggit sa mga gawa ng apostol at sa mga sulat ni Pablo at Pedro.
Tayo ay naniniwala na ito ay may bisa hanggang sa ngayon at kailangan na ito ay ituturo at gagawin katulad ng ginawa sa unang simbahan sa aklat ng mga Gawa ng Apostol. Dapat hindi magkaroon ng hindi pagkakaunawaan tungkol sa kahulugan, layunin, pamamaraan o gawi. Tayo ay sumusunod lamang sa sinasaad ng Banal na Kasulatan bilang tunay na halimbawa at hindi sa tradisyon, opinyon, sariling pang-unawa o kapanahonang pseudo-theology.
Ipinakita sa atin ng BIBLIA na ang babautismohan ay dapat ilubog sa tubig sa Pangalan ng Panginoong HESUKRISTO.
Ito ay ipinakita sa ministeryo ng mga apostol at pinatunayan sa salita at gawa sa kabuuan ng Banal na Kasulatan.

## PITONG KATUWIRAN KUNG BAKIT ANG BANAL NA KASULATAN AY NAGTUTURO NG PAGBABAUTISMO SA TUBIG

1. Inutos ng Panginoong HESUS: Mateo 28:19-20 Markus 16:15-16 Juan 3:5 4:1-2
2. Ang bautismo ay simbolo ng ating paglibing: Roma 6:3-4 IKor.15:1-4 Gal.3:27 Kolosas 2:12
3. Ito ay tanda ng pagsunod ganon din sa pagtutuli: IPedro 3:20-21 Kolosas 2:11-13 Santiago 2:20-26 Roma 2:29
4. Nakikilala sa Pangalan ni HESUS ang isang tao sa bautismo: Gawa 2:38 Efeso 3:5 IKorinto 6:11 Kolosas 3:17 ITesalonica 1:12 IITimoteo 2:19 Gawa 15:14
5. Nahuhugasan nito ang kasalanan: Gawa 22:16 2:38 3:19 4:12 Lukas 24:47
6. Ito ay bahagi ng Kapanganakang Muli: Juan 3:3 + 5
7. Ito ay ginawa ng simbahan sa Bagong Tipan at tayo ay bahagi ng simbahang nabanggit: Hebreo 6:2 Gawa 2:41 8:12 + 16 + 38 9:18 10:48 16:15 + 33 18:8 19:5 22:16

*Ang mga sumusunod na katanungan ay makapagbibigay linaw sa iyong pang-unawa kung ano ang sinasabi ng BIBLIA tungkol sa PAGBABAUTISM SA TUBIG.*

*Pakibasa ang bawat tanong kasama ang mga bersekulo sa Biblia. Pag-aralang mabuti ang bawat Kasulatan at sagutin ang tanong sa iyong sariling salita (O gamitin ang ibang salita sa Kasulatan kung iyon ay iyong kagustuhan). Maari rin sumangguni sa ibang Kasulatan na mga nabanggit. Pagpalain ka nawa ng Dios sa iyong pagsasaliksik sa Kasulatan!*

(Juan 5:39 Gawa 17:11)

1. Ayon sa kalooban ng Dios ano ang dapat gawin ng isang tao bago mabautismohan? *Markus 16:15-16* *Gawa 2:38 + 41* *8:36-37* *18:8*

___

___

___

2. Ano ang pangako ng Dios sa mga nabautismohan?
*Gawa 2:38 5:32 19:5-6*

___

___

3. Ayon sa kalooban ng Dios ano ang dapat gawin ng isang tao pagkatapos ng bautismo?
*Gawa 2:42 Roma 6:4 IPedro 1:16*

___

___

___

4. Ano ang pagbabautismo sa tubig? *IPedro 3:21*

___

___

5. Ano ang nagagawa ng bautismo sa tao?
*IPedro 3:21   Galacia 3:27-29   Kolosas 2:11-15*

6. Kung kanino dapat bautismohan ang isang tao?
*Roma 6:3   Galacia 3:27*

7. Ang isang tao ba ay ligtas na bago ang Bautismo?
*Markus 16:16   IPedro 3:21*

8. Ang pagbabautismo ba sa tubig ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagwiwisik, pagbubuhos o paglulubog?
*Juan 3:23   Roma 6:4-5   Gawa 8:38*

9. Sa kaninong Pangalan ang isang tao ay dapat mabautismohan?
*Gawa 2:38   4:12   8:16   10:48 (36)   19:5*

10. Ayon sa Banal na Kasulatan ang sanggol ba ay dapat bautismohan? Kung hindi, Bakit hindi? *Gawa 8:12*
*Markus 16:16   IPedro 3:21   Gawa 22:16   3:19*

11. Ano sa iyong palagay ang ipinapahayag ng *tubig* sa *Juan 3:5* ?

12. Pagkatapos na ang isang tao ay nakapakinig ng ebanghelyo ni HESUS sumampalataya at nagsisi, gaano katagal siya maghihintay bago mabautismohan? *Gawa 2:41 16:33*

13. Kung nakatanggap na ng Banal na Espiritu, umaasa pa ba ang Dios sa taong iyon na mabautismohan? *Gawa 10:44-48*

14. Iyong mapapansin na ang mga nabago ay nabautismohan sa *pangalan ng Panginoong HESUKRISTO* (tanong sa bilang #9). Paano mo maipapaliwanag ang kakaibang pahayag na itinala ni Mateo sa Panginoong HESUS na nag-uutos sa mga Apostol na magbautismo sa Pangalan ng Ama, at Anak, at ng Espiritu Santo? *Mateo 28:19*

**Kung naniniwala ka ng buong puso sa iyong mga sagot, mangyari pong lagdaan:**

**PANGALAN NG BINAGO:** ______________________ **PETSA:** ____________

Apostolische Pfingstgemeinde Mannheim
Friedelsheimerstr. 18-20
D - 68199 Mannheim (Neckarau) /Germany
Pastor Raymond Wey
Assistent Pastor Sascha Wey
www.jesus-is-god.de, www.v-p-m.de